

## Pagtunton sa mga Kalahok sa Isang Naratibo

Naonori Nagaya  
*Department of Linguistics,  
Rice University*

Mark Felix Albert Santiago  
*Departamento ng Linggwistika,  
Unibersidad ng Pilipinas, Diliman*

Sa mga naunang pag-aaral, ipinalalagay na *zero coding* ang siyang pinaka hindi markadong paraan sa pagtunton ng mga kalahok sa isang naratibo, at sinusundan ng mga pronominal na *clitic* (Givon 1983, Ariel 1990, Van Valin and LaPolla 1997, and Van Valin 2005). Gayunman, hindi ganito ang makikita natin sa mga wika ng Pilipinas. Ang katangian ng isang sistemang Pilipino sa pagtunton ng mga kalahok ay pronominalisasyon ang siyang pinaka hindi markado at pinakagamiting paraan ng pagtunton ng reperensya. Una na itong pinansin ni Nagaya (2006a, b) sa Tagalog. Sa kasalukuyang papel, ipinakita namin na ang *generalization* na ito ay lumalapat din sa Inabaknon, Ilokano, at Cebuano. Samantala, amin namang ikinumpara ang sistemang pagtunton ng mga kalahok ng mga wikang Pilipino sa Chabacano ng Cavite na nauna nang binigyang-suri ni Santiago (2006) bilang isang sistemang mas gumagamit ng leksikalisasyon at *zero anaphora* bilang pangtunton ng mga kalahok.

### 1 Panimula

Isa sa mga mahahalagang gamit ng wika ay ang pagtunton ng isang kalahok mula sa isang klosa patungo sa mga susunod pang klosa. Ang punsyon na ito ay tinatawag na ‘pagtunton sa mga kalahok’ o ‘*reference-tracking*’ (Foley and Van Valin 1984, Comrie 1989, 1997, 1999). Ang sistemang ito ay nagpapakita na napakalaking dibersidad: ang iba’t ibang wika ay may kanya-kanyang pamamaraan ng pagtunton sa mga kalahok at mga kahigpitang kasama nito.

Ang pagiging ergatibo ng mga wikang Pilipino ay ipinakita na ni Nolasco (2003, 2005a). Gayundin naman ang pagiging akusatibo ng Chabacano ay kanya na ring ipinakita (2005b). Ang pag-aaral na ito ay nagbibigay tibay sa pagkakaroon ng isang sistemang Pilipino sa pagtunton ng mga kalahok, na naiiba sa iba pang sistema ng mga wikang hindi Pilipino, tulad na nga ng Chabacano

### 2 Sulyap sa gramatika

Ipinakita ni Nolasco (2006) ang pagkakaroon ng ergatibong pardon ang mga wikang Pilipino. Ang mga pang-ubod na argumentong S at O ay magkapareho ang marka, samantalang naiiba naman ang sa A. Ipinakita niya ang mga panlaping *i-*, *-in*, at *-an* bilang mga panlaping transitibo, at ang *m~ / -um-* naman ang panlaping intransitibo (at mga kogneyt nito sa ibang wikang Pilipino).

- (1) a. H<um>into **ang** kotse(S).  
INTR:hintó ABS

- b. Hinintu=an      ng kotse(A) **ang** kariton(O).  
NPAST.TR:hinto    ERG                    ABS

Kung saan ang “ang” ay kapwa nagmamarka sa S sa (1a) at sa O ng (1b), samantalang naiiba naman ang pangmarka ng A sa (1b) na “ng.” Lalo nang mas matinkad ang distinksyong ito sa mga pronominal na may kani-kaniyang anyo na ispesipiko sa kaso.

- (2) a. Nag=laba      **siya**(S) kaninang madaling araw.  
PAST.INTR.laba    ABS

- b. Pinaglaba      **siya**(O) ng nanay niya(A).  
PAST.TR(-in).laba    ABS      ERG

- c. Nilabhan      niya(A) ang damit(O) ng nanay niya.  
PAST.TR.laba    ERG      ABS

Sa mga halimbawa naman sa itaas makikita ang panghalip sa ikatlong panauhan ay may dalawang anyo depende sa gramatikal na relasyon. Ang (2a) at (2b) ay nagpapapakita sa anyong “siya” bilang nasa absolutibo at ang anyong “niya” naman ay nasa kasong ergatibo. Mahalaga sa kasalukuyang pag-aaral ng pagtunton ng mga kalahok ang kaalamang ito sapagkat sa gamit ng pronominal sa isang konstruksyon ay nahuhugot ang kahulugan at mga implikasyon nito.

Ang Chabacano naman na sinusuri dito bilang kontrast sa mga wikang Pilipino, ay mayroon naming padrong nominatibo-akusatibo. Ipinakita ito ni Nolasco (2005).

- (3) a. Ya    come { $\emptyset$ }    el    gato(A) **con**    el    piscao(O).  
PAST    kain    NOM    ang    pusa    ACC    ang    isda  
“Kinain ng pusa ang isda”

- b. Ya    come { $\emptyset$ }    el    gato(S) enantes.  
PAST    kain    NOM    ang    pusa    kanina  
“Kumain ang pusa kanina”

Dito ay makikita natin na ang magkapareho ng marka ay ang S ng (3b) at ang A ng (3a) na zero { $\emptyset$ }, samantalang iba naman ang pagmamarka ng O (sa 3a) na *con*.

Sa pag-aaral na ito ang isang klosa ay binubuo ng isang buong konstruksyon na may isang predikatibo lamang, at isa o dalawang pang-ubod na argumento gaya ng mga halimbawang ibinigay sa itaas.

### 3 Sistema ng pagtunton sa mga kalahok

Ang unang kumpletong tipolohiya ng mga sistema sa pagtunton ng mga kalahok ay iminungkahi nina Foley at Van Valin (1984), na nagbigay ng apat na uri ng pamamaraan: *switch function*, *switch reference*, *gender system*, at *inference*.

Ang isa sa pinakakilalang halimbawa ng sistema sa pagtunton ng mga kalahok ay ang *switch function*, kung saan ang *interclausal coreference* ng dalawang argumento ay tinutukoy ng pagkakaiba sa *voice*. Halimbawa sa Inggles, ang isang *coreferential argument* ay kinakailangang nasa S o A na punsyon sa isang *control and coordination* na konstruksyon (Foley and Van Valin 1984: 322).

- (5) a. Fred wants to see Marsha.  
b. \*Fred wants Marsha to see [him(O)]
- (6) a. Max persuaded Fred to see Marsha.  
b. \*Max persuaded Fred Marsha to see [him(O)]
- (7) a. Oscar went to the store and spoke to Bill.  
b. \*Oscar went to the store and Bill spoke to [him(O)]

Ang (5b), (6b) at (7b) ay pawing mga hindi gramatikal; ang *coreferential argument* ay nasa O na punsyon. Upang ang O na ito ay maging *coreferential* sa sinusundang argumento, ginagamit ang pasibong konstruksyon tulad ng makikita sa ibaba:

- (8) a. Fred wants to be seen by Marsha.  
b. Max persuaded Fred to be seen by Marsha.  
c. Oscar went to the store and was spoken to by Bill.

Kung kaya't ang *coreference* ay minamarkahan sa pamamagitan ng pagpapalit ng punsyon ng *coreferential argument* sa pamamagitan ng pasibisasyon.

## 4 Ang Pagtunton ng mga Kalahok

### 4.1 Ang Pear Story Corpus

Sa pag-aaral na ito, ating susuriin ang Pear corpus ng apat na wikang Pilipino at ng Chabacano. Ito'y binubuo ng mga teksto na iknuwento ng mga tagapagsalita ng mga wikang nabanggit matapos nilang mapanood ang isang maikling pelikula na kilala sa tawag na Pear Film (Chafe 1980). Sa Tagalog ay may 23ng mga teksto, 18 naman sa Cebuano, 14 sa Inabaknon, 10 sa Ilokano, at 6 sa Chabacano.

Pawang mga pang-ubod na argumento o *core arguments* lamang ang puntirya ng pag-aaral na ito; ang i.e. S, A at O sa corpus. Hindi isinama sa pagsusuri ang iba pang mga elemento sa isang klosa na hindi pang-ubod na argumento.

Ang mga naratibo ay natural na nahahati sa mga tinatawag na *Intonation Units* (IU) (Tanangkingsing 2006). Sa depenisyon niya, ang IU ay

...a prosodic unit in natural discourse consisting of a speech segment that falls into a single coherent intonation contour...The Intonation Unit reflects language-in-use through which a more realistic account of the grammatical units in a spoken language can be provided.

Makikita natin na halos sa lahat ng pagkakataon ang bawat isang IU ay binubuo ng isang predikatibo, at hanggang sa dalawang pang-ubod na argumento lamang, at ilang mga opsyonal na obliko.

## 4.2 Ang mga Pamamaraan sa Pagtunton ng mga Kalahok

Sa isang diskurso, kamangha-mangha ang paraan ng mga tagapagsalita sa pagtunton ng mga kalahok mula sa unang banggit at sa mga susunod na mga klosa. Ang mga kalahok na ito ay mas madalas na nasa sa pang-ubod na argumento. Una silang ipakikila sa naratibo bilang mga buong NP at nasa kasong obliko. Matapos ang paraang ito ng pagpapakilala ng bagong impormasyon, maaari na silang tratuhing bilang nabanggit nang impormasyon at maaari nang tukuyin sa mga susunod na klosa. Ang mga reperensyang ito ay tinatawag na “anaphora”. Sa kanyang depenisyong ng anaphora, sinabi ni Cormish (1999):

...an anaphor points to an element of the discourse context—though not necessarily to a feature of a *co-text* as is often believed—in order to enable the interlocutors to identify the referent intended. Anaphoric reference presupposes that the addressee’s attention is already focused on the intended referent, or at least that the latter is in some way associated with the current focus of attention, and that its existence can easily be inferred: thus, the occurrence of an anaphorically used indexical constitutes an instructions on the speaker’s part to *maintain* the high level of focus already accorded by the speaker and addressee to a given discourse entity.

Ang pagtutunton sa mga pang-ubod na argumento kung gayon ay sa pamamagitan ng tamang paggamit ng anapora ng mga tagapagsalita, at tamang pang-unawa sa mga ito ng tagapakinig. Ipinakita ni Nagaya (2006) ang dalawang pamamaraan ng pagtunton ng reperensya na ginagamit sa Tagalog; ang isa ay sa pamamagitan ng pronominalisasyon at ang isa ay sa pamamagitan ng zero anapora. Ikinwalipika ito sa pamamagitan ng paglalagom na, “*a topical referent tends to be encoded by a pronoun, but an accessible yet non-topical one is likely to be referred to by zero anaphora.*”

Ang mga anapora ay mga nabanggit nang impormasyon. Ang pagtunton ng reperensya ay nangangahulugan kung ngayon ng pagtukoy ng mga anaphora na una munang ibinigay bilang bagong impormasyon. May dalawang pinakagamiting paraan ng pagpapakilala ng bagong impormasyon. Ang una ay sa pamamagitan ng *existential* na mga salita, *tiene* ‘mayroon’ gaya ng makikita sa Chabacano sa (9), kung saan ang S ng intransitibong konstruksyong iyon ay isang bagong impormasyon; at ang ikalawa ay sa pamamagitan ng paggamit ng mga *indefinitizers* gaya ng *un* ‘isang’ o mga pamilang tulad ng *una* ‘isa’ or *tres* ‘tatlo’ sa Chabacano pa rin sa (10).

(9) **Tiene** UN VIEJO(S) ta ranca UNA CLASE DE PRUTAS na pono  
EXIST one old.man PRE harvest one class of fruit OBL tree  
‘May isang matandang lalaki na namimitas ng isang klase ng prutas sa puno.’

(10) ya saka ele(S) UN BASKET DE PRUTAS,  
PAST get 3sg one basket of fruit  
‘Kumuha siya ng isang basket ng mga prutas.’

## 4.2 Pronominalisasyon bilang isang pamamaraan sa pagtunton ng reperensya

Atin na ngayong tingnan kung paanong ang mga kalahok ay una munang ipinakikilala bilang bagong impormasyon. Tingnan natin ang pronominalisasyon bilang pamamaraan pagtunton ng mga kalahok sa isang naratibo:

## Chabacano

(11)

- (a) Ya subi AKEL VIEHO(S) na ponu  
 PAST climb D:D old.man OBL tree  
 ‘Umakyat yung matandang lalaki sa puno’
- (b) Ya rangka **ele**(A) akel bayabas(O)  
 PAST harvest 3sg D:D guava  
 ‘Namitas siya ng mga bayabas’
- (c) Bago ya baha **ele**(S)  
 then PAST climb.down 3sg  
 ‘Tapos ay bumaba siya’
- (d) Ya puni **ele**(A) *akel mga bayabas*(O) na UN KANASTRU(OBL)  
 PAST put 3sg D:D PL guava OBL one basket  
 ‘Inilagay niya yung mga bayabas sa kaing’
- (e) Ya asi harera {A} *el akel tres kanastru*(O)  
 PAST to.do line.up det D:D three basket  
 ‘Inihilera (niya) ang tatlong kaing’
- (f) Kabandu ya rebolbi **ele**(S) na ponu  
 afterwards PAST return 3sg OBL tree  
 ‘Pagkatapos, bumalik siya sa puno’

Ang bahaging ito ng naratibo ay nagpapakita kung paanong ang kalahok na *vieho* ‘matandang lalaki’ ay unang ipinakilala bilang isang bagong impormasyon at nakaenkowd bilang buong NP. Sa mga sumunod na klosa, tinukoy na ang kalahok na ito bilang *ele* ‘siya’ maliban sa (11e) kung saan isang *zero anaphora* na A ang ginamit para sa *vieho*.

## Tagalog

(12)

- (a) pagbaba nang bayk, tin>ign-an **niya**(A) yung prutas(O).  
 getting.off GEN bike LF:watched 3SG.ERG ABS fruit
- (b) t<in>ign-an **niya**(A) ang isa(O).  
 LF:looked.at 3SG.ERG ABS one
- (c) pagkuha niya nang isa, hindi **siya**(S) na-kontento.  
 getting his GEN one not 3SG.ABS PF:was.satisfied
- (d) b<in>uhat **niya**(A) ang isa-ng kahan.. isa-ng kahan(O).  
 PF:lifted 3SG.ERG ABS one-LK one-LK box
- (e) d<in>ala **niya**(A) [O] ngayon sa bayk.

PF:carried 3SG.ERG now DAT bike

(f) s<in>akay **niya(A)** [O].  
PF:put 3SG.ERG

(g) di .. <um>alis na **siya(S)** ngayon.  
filler AF:left already 3SG.ABS now

Makikita sa bahaging ito ng naratibo kung paanong patuloy na tinutukoy ng panghalip ang batang lalaki, na siyang paksa ng talatang ito. Ang *topic chain*, o ang *coreferential relationship* sa pagitan ng mga paksaing argumento ay naipapahayag sa pamamagitan ng sunod-sunod na pronominalisasyon ng paksa. Ang *zero anaphora* naman, sa kabilang banda, ay tumutukoy doon sa hindi-paksaing kalahok, tulad ng makikita sa (12e) at (12f) sa itaas.

## Cebuano

(13)

(a) Naay usa ka tawo nga namupu ug usa ka bunga  
EXIST. isa LK tao na namitas ng isa LK bunga  
'May isang tao na namitas ng isang bunga'

o usa ka prutas sa iyang uma.  
o isa LK prutas sa kanyang lupa  
'o isang prutas sa kanyang lupa.'

(b) Samtang **siya(S)** namupo, naay usa ka tawo nga miagi nga may dala ug kanding.  
habang 3sg.ABS namitas EXIST isa LK tao na dumaan na EXIST dala LK kambing  
'Habang siya'y namimitas, may isang taong dumaan na may dalang kambing'

(c) Ug milabay ra daw kini(S).  
at umalis lang daw ito  
'At umalis lang rin ito.'

(d) Pagkahuman niadto, nibalik na pod **siya(S)** sa taas sa kahoy  
Pagkatapos noon bumalik na EMP 3sg.ABS sa taas sa kahoy  
'Pagkatapos noon, bumalik na nga siya sa taas ng puno'

kay mamupo na pod.  
dahil mamimitas na EMP  
'dahil mamimitas na nga.'

(e) Pagkataod-taod niana naay usa ka bata(S) nga miagi nga nagbayk.  
di-paglaon niyon EXIST isa LK bata na dumaan na namimisikleta  
'Di nagtagal may isang batang namimisikleta ang dumaan.'

Mapapansin sa bahaging ito ng isang naratibo sa Cebuano ang parehong pamamaraan ng pagtukoy sa kalahok—ang pronominalisasyon. Makikita sa (13b) at (13d) sa itaas kung paanong

ang ikatlong panauhan ng panghalip na nasa kasong Absolutibo ay tumutukoy doon sa *usa ka tawo* ‘isang tao’ na naipakilala nang una sa (13a).

## Ilokano

(14)

(a) tapos, adda ti maysa manen nga ubing(S) nakabayk  
tapos EXIST INS isa naman na batang nakabayk  
“Tapos, may isang bata namang nakabayk”

(b) dikwan, innala **na**(A) dyay maysa nga kaing(O),  
tapos kinuha 3sg.ERG yung isa na kaing  
“Tapos, kinuha nya yung isa sa kaing”

(c) tapos, pimmanawen {S} nga innala **na**(A) dyay maysa nga kaing(O)  
tapos umalis na kinuha 3sg.ERG yung isa na kaing  
“Tapos, umalis na (siya) na kinuha yung isang kaing”

(d) tapos, dyay ubing nga lalaki nga nakabayk  
tapos yung bata na lalaki na nakabayk  
“Tapos, yung batang lalaki na nakabayk”

adda ti nakasalubong **na**(S) nga maysa nga babai nga nakabayk din  
EXIST INS nakasalubong 3sg.ABS na isa na babae na nakabayk din  
“May nakasalubong siyang isang babaeng nakabayk din.”

(e) tapos, dyay ubing(S), natumba  
tapos yung bata natumba  
“Tapos, natumba yung batang lalaki”

(f) tapos, dagidyay karga **na** nga apol nawaris  
Tapos yung mga karga 3sg.ABS na mansanas natapon  
“Tapos yung mga dala niyang mansanas natapon”

Sa halimbawang ito naman sa Ilokano ay gayun din ang makikita, ang nasa ikatlong panauhan na *pronominal enclitic* na *na* ay siyang ginamit sa mga sumunod na klosa upang ipangtukoy sa *ubing* ‘bata’ na isang buong NP sa (14a).

## Inabaknon

(15)

(a) Agaddona si dadi-dadi(S) i adda basket.  
kumuha INS bata ng isang basket  
“Kumuha ang bata ng isang basket.”

(b) Agpanna **na**(A) {O} si bisikleta  
inilagay 3sg.ERG sa bisikleta  
“Inilagay niya sa bisikleta”

(c) Pagparabisikleta na katupo iya(S) salabayan na i danda  
pagkabisikleta 3sg nakasalubong 3sg.ABS dumaan na INS babae  
“Nang pagbibisikleta niya (may) nakasalubong siyang dumaan na babae”

(d) Mangno, apalid (A) i ano na, kalo(O) na.  
Tapos nilipad INS *filler* 3sg sombrero 3sg.  
“Tapos, nilipad ang ano niya, sombrero niya.”

(e) Tapos kabunggo iya(S) ari si bato  
tapos nabunggo 3sg doon sa bato  
“Tapos nabunggo siya doon sa bato.”

Sa Inabaknon ay makikita rin ang pronominalisasyon bilang isang mabisang paraan ng pagtukoy sa mga reperensya upang matunton ang mga kalahok sa isang naratibo. Ayon kay Nagaya (2006) ang gamit na ito ng pronominalisasyon ay isang prominenteng pamamaraan sa Tagalog. Ayon sa kanya,

...once a participant is introduced into the discourse as a lexical noun phrase, it is in turn referred to by a non-lexical form in the following clauses for the sake of speakers' economy. Namely a participant recoverable from contexts tends to be pronominalized or zero-realized. (2006:6)

Lumilitaw ngayon sa mga datos na ipinakita sa itaas na ang lahat ng mga wikang ito ay gumagamit ng pronominalisasyon bilang isang pamamaraan ng pagtunton sa mga kalahok sa isang naratibo. Sa iba pang mga sumunod na klosa, ganito pa rin ang matutunghayan, sinasabing ang paksa ng isang naratibo ay naihatid sa bawat klosa sa pamamagitan ng pronominalisasyon. Bukod dito, ang isang kalahok na naka-enkord bilang isang panghalip o pronominal, ay mas tiyak kaysa hindi na ito ang paksa o *topic* sa naturang diskurso.

### 4.3 Leksikalisasyon bilang prominenteng pamamaraan ng pagtunton ng reperensya

Ang paksa ay madaling nababago: ang ibang kalahok ay maaaring piliin bilang paksa sa ibang bahagi ng naratibo. Tingnan natin ang sa Tagalog, kung paano ito nakapangyayari. Ito ang bahagi kung saan isinasalaysay ng tagapagsalita kung ano ang nangyari sa batang lalaki sa tatlong bata. Makikita natin dito kung paanong ang paksa ay lumipat sa tatlong bata kaya't sila ang naka-enkord bilang mga pronominal.

(16)

- a. paglayo nung isa-ng bata-ng [nasa bayk],  
going.away GEN one-LK child-LK was.at bike  
na-kita nang tatlo-ng lalaki(A) ang sombrero(O).  
PF:found ERG three-LK man ABS hat
- b. <in>akala **nila(A)**-ng,  
PF:thought 3PL.ERG-COMP  
'they thought ...'



- c. sa bata, sa bata-ng lalaki-ng iyon-ng [naka-bayk] [S].  
 DAT child DAT young-LK man-LK that.ABS-LK AF:rode.bike
- d. at muli **niya(A)**-ng t<in>awag [O].  
 and again 3SG.ERG-LK PF:called
- e. s<in>ipul-an **niya(A)** [O].  
 PF:whistled 3SG.ERG
- f. at na-pa-lingon ang bata-ng lalaki na [nasa bayk](S).  
 and PF:looked.back ABS young-LK man LK was.at bike
- g. i-s<in>auli **niya(A)** ang sombrero(O).  
 PF:returned 3SG.ERG ABS hat

Sa bahaging ito ng salaysay, ang piniling paksa ng tagapagsalita ay ang tatlong bata (o isa sa tatlong bata) kung kaya't sila (siya) ang naka-enkowd bilang pronominal, samantalang ang batang lalaki naman, na sa mga naunang klosa ay siyang paksa, ay makikita ditong naka-enkowd ng buong NP. Ganito rin ang makikita sa tatlo pang mga wikang Pilipino na sinuri sa pag-aaral na ito. Ibig sabihin, sa mga sistemang pangtunton ng kalahok sa Pilipino, kapag higit sa isang argumento ang kalahok sa isang bahagi ng naratibo o sa isang eksena, pumipili ang tagapagsalita kung alin sa kanila ang kanyang papaksain, at i-enkowd na mga panghalip o pronominal. Subalit, hindi ganito ang ating makikita sa Chabacano. Sa wikang ito, kapag may higit sa isang argumento ang kalahok sa isang eksena, parehong buong NP ang pagkaenkowd ng dalawang kalahok na ito. Pansinin ang halimbawa sa ibaba:

(17)

- (a) Pagkatapus, ay, kabandu ya bini **akel UN MUCHACHO(S)**  
 pagkatapos *filler* pagkatapos PAST dating yung isa batang.lalaki  
 'Pagkatapos, dumating 'yung isang batang lalake'
- (b) Ta lleva lleva {S} bisikleta  
 PRE dala dala bisikleta  
 'May dala-dala (siyang) bisikleta'
- (c) Ahora, ya mira **akel muchacho(S)**  
 ngayon PAST tingin yung batang.lalaki  
 'Ngayon, tumingin yung bata'
- (d) Si akel viejo(S) na ponu ta mira  
 kung yung matanda sa puno PRE tingin  
 'Kung nakatingin yung matanda sa puno.'
- (e) Ahora el que ya asi **el mochachu(S)** ahora modo no ta mira  
 ngayon ang LK PAST gawa ang batang.lalaki ngayon dahil NEG PRE tingin  
 'Ngayon, ang ginawa ng bata, komo hindi nakatingin'
- (f) Modo no akel vieho(S) no ta mira virao el kara por de tras  
 dahil NEG yung matanda NEG PRE tingin likod ang mukha nakatalikod

‘Komo hindi nakatingin yung matanda, at nakatalikod’

- (g) Ya saka **ele(A)** akel un kanastru(O) de bayabas,  
PAST kuha 3sg yung isa kaing ng bayabas  
‘Kinuha nya yung isang kaing ng mga bayabas’

Ang panghalip na *ele* na siyang ginamit sa mga naunang klosa upang ipantukoy sa reperensyang paksa ay hindi ginamit sa bahaging ito kung saan nasa eksena ang matandang lalaki at ang batang nakabisikleta. Kapwa sila inenkowd bilang mga buong NP o leksikalikadong NP mula sa (17a) hanggang (17f). Sa (17g), ang *ele* ay malaya nang nagamit upang ipantukoy sa batang lalaki sapagkat wala na sa eksena ang *el vieho* ‘matandang lalaki’. Ito ang isang kaibahan ng sistemang Chabacano sa mga sistema ng mga wikang Pilipino. Ang huli ay gumagamit ng pronominalisasyon bilang siyang pinakaprominenteng pamamaraan ng pagtunton ng reperensya, maging higit sa isa man ang maaaring tukuyin sa isang bahagi ng naratibo, samantalang sa sistemang Chabacano ay ginagamit ang pronominalisasyon sa mga pagkakataong walang ibang kalahok na maaaring tukuyin nito.

#### 4.3 Ang Zero Anapora bilang pamamaraan ng pagtunton ng kalahok.

Kapag ang isang kalahok sa isang naratibo ay naipakilala na bilang isang bagong impormasyon at nasa anyong leksikal o buong NP, ito na ay maaaring tukuyin ng panghalip o ng zero. Pero ang pronominalisasyon at *zero anaphora* sa Tagalog at sa iba pang mga wikang Pilipinong sinusuri sa pag-aaral na ito ay magkaiba ang tungkuling ginagampanan. Balikan natin ang halimbawang teksto sa Inabaknon upang ilarawan ang pagkakaibang ito.

(15)

- (a) Agaddona si dadi-dadi(S) i adda basket.  
kumuha INS bata ng isang basket  
“Kumuha ang bata ng isang basket.”

- (b) Agpanna **na(A)** {O} si bisikleta  
inilagay 3sg.ERG sa bisikleta  
“Inilagay niya sa bisikleta”

Mapapansin natin sa (15b) na ang O ay zero. Ayon kay Nagaya (2006) ito ay nangangahulugang ang kalahok na tinutukoy nito ay hindi paksain o *non-topical* subalit *accessible*. Sa halimbawa sa itaas, ang O na tinutukoy ay ang *adda basket* “isang basket.” At ang siyang inilagay ng bata sa bisikleta. Subalit mapapansin natin na ang reperensya ng zero na O na ito ay isang obliko, at hindi pang-ubod na argumento sa sinusundang klosa, hindi paksa samakatuwid. Ganito rin ang makikita nating sistema sa Tagalog at iba pang mga wikang Pilipino.

Tingnan nating ang estadistika ng mga pang-ubod na argumento Tagalog. Mapapansin kaagad sa talaan na ang S at A ay kapwa malakas ang tenedensiyang tukuyin ng panghalip, samantalang ang O ay mas madalas zero ang enkowding. 62.7% ang mga O na zero samantalang 37.3% lang ang O na nakaenkowd bilang panghalip.

	Panghalip		Zero		Total
	n	%	n	%	n
A	<b>286</b>	<b>(78.4)</b>	79	(21.6)	365
S	<b>327</b>	<b>(84.1)</b>	62	(15.9)	389
O	66	(37.3)	<b>111</b>	<b>(62.7)</b>	177
Total	679	(72.9)	252	(27.1)	931

Table 1: Hindi-leksikalisadong anyo at mga gramatikal na relasyon sa Tagalog

Samantala, sa Chabacano naman, isang hindi wikang Pilipino, ang lumilitaw sa estadistika ay masusuma sa talaan sa ibaba:

	Leksikal		Panghalip		Zero		Total	
	N	%	n	%	n	%	n	%
<b>S</b>	73	56.7	45	<b>29.1</b>	22	14.2	140	55
<b>A</b>	6	15.7	12	25.5	31	<b>58.8</b>	49	22.5
<b>O</b>	39	<b>73.6</b>	5	17	5	9.4	49	22.5
TOTAL	118	<u>51.5%</u>	62	<u>25.5%</u>	58	<u>22%</u>	238	

Table 2: Mga pang-ubod na argumento sa Chabacano

Dito natin makikita ang isang malaking kaibahan ng sistema ng wikang ito sa mga wikang Pilipino. Ang zero na O na may 9.4% lang ay mas kaunti kaysa sa panghalip na O na may talang 17% lamang. Samantalang ang may pinakamalaking bilang ng nakaenkowd bilang zero ay ang A. Samakatuwid, ang *zero anaphora* ay ginagamit sa sistemang ito bilang pangtukoy sa isang argumentong paksain, di gaya ng sa mga wikang Pilipino. Maipaliliwanag ito sapagkat ang A, na siyang actor sa isang klosa, ay mas hindi na kailangan pang tukuyin ng leksikal na anyo sapagkat wala nang iba pang maaaring gumawa ng aksyon. Tingnan ang halimbawa sa ibaba:

(18)

- (a) Kabandu ya asi imbarka {A} {O} na bisikleta  
 pagkatapos PAST gawa sakay sa bisikleta  
 ‘pagkatapos, inilagay (niya) (ang basket) sa bisikleta’
- (b) Kabandu ya sali **ele(S)** pronto-pronto.  
 Pagkatapos PAST alis 3sg.ABS mabilis.na.mabilis  
 ‘Pagkatapos ay umalis kaagad siyang kara-karaka;
- (c) Ya asi kuri {A} *akel bisiklita(O)*  
 PAST gawa takbo yung bisikleta  
 ‘Pinatakbo (niya) yung bisikleta’
- (d) Ya asi kuri {A} que ya asi kuri {O}  
 PAST gawa takbo LK PAST gawa takbo  
 ‘pinatakbo (niya) ng pinatakbo (ang bisikleta)’

Mapapansin sa bahaging ito ng naratibo ang pagiging nag-iisang kalahok ng bata. Sa (18a) isang zero ang tumukoy sa reperensiyang ito, at gayundin sa (18c) at (18d). Hindi tulad ng sa sistemang Pilipino ng pagtunton ng reperensiya, ang pagiging paksa ng kalahok na ito ay nagbigay daan upang ito'y hindi na ipahayag pa sa leksikal na anyo, sapagkat ipinalalagay ng tagapagsalita na alam na alam na ng tagapakinig kung sino ang kumikilos o gumagawa ng aksyon sa naturang eksena.

## 5. Kongklusyon

May sariling sistema ng pagtunton ng mga kalahok sa isang naratibo ang mga wikang Pilipino. Pangunahing pamamaraan na ginagamit dito upang ipantukoy sa paksang tinutunton ay ang pronominalisasyon, samantalang ang zero anaphora naman ay para doon sa mga argumentong madaling mahugot mula sa istorya subalit hindi pa paksain. Ang leksikalisasyon naman ay ginagamit lamang bilang pagpapakilala ng bagong impormasyon. Maaari idahilan ang pagiging prominent eng pronominalisasyon bilang paraan ng pagtunton ng reperensiya sa napakalawak at komprehensibong set ng mga panghalip sa mga wikang Pilipino. May mga panghalip na markado na mismo ng kaso, kung kaya't madaling gamitin ang mga ito ng saligwayan dahil magiging malinaw pa rin ang mga gramatikal na relasyon nito.

Samantala, sa Chabacano, na isang hindi *Philippine-type* na wika at isang *creole*, ay iba ang sistemang lumilitaw. Ang pronominalisasyon sa wikang ito ay ginagamit lamang sa mga pagkakataong walang ibang kakumpetensyang reperensyang tutukuyin. Subalit kapag humigit na sa isa ang mga kalahok na kinakailangang tukuyin, nagiging leksikalisado ang mga argumento. Ito'y maaaring sanhi ng kakulangan ng mga panlapi sa wikang ito, na walang bukod na anyo para sa iba't ibang gramatikal na relasyon. Ang isang namumukod na kaibahan ding naipakita sa papel na ito ay ang pagiging prominent eng *anaphoric deletion* upang tumukoy sa isang paksa.

## Mga Reperensiya:

- Chafe, Wallace L. 1980. *The Pear Stories: Cognitive, cultural, and linguistic aspects of narrative production*. Norwood, NJ: Ablex.
- Cormish, Francis. 1999. *Anaphora, Discourse, and Understanding: evidence from English and French*. Oxford: Clarendon Press.
- Du Bois, John W. 1987. *The Discourse Basis of Ergativity*. *Language* 63: 805-855.
- Foley, William A., and Robert D. Van Valin Jr. 1984. *Functional Syntax and Universal Grammar*. Cambridge: Cambridge University Press.
- Nagaya, Naonori. 2006a. *Topicality and Reference-tracking in Tagalog*. Paper read at the 9th Philippine Linguistics Congress, January 2006. University of the Philippines-Diliman, Quezon City.
- Nagaya, Naonori. 2006b. *Preferred Referential Expressions in Tagalog*. Tokyo University Linguistics Papers 25:83-106.
- Nolasco, Ricardo Ma. 2003. *Ang Pagkatransitibo at Ikinaergatibo ng mga Wikang Pilipino: isang pagsusuri sa sistemang boses*. Ph.D Dissertation. University of the Philippines - Diliman, Quezon City.
- \_\_\_\_\_. 2005. *The Chabacano Challenge to Philippine Ergativity in Linguistics and Language Education in the Philippines and Beyond*, Danilo T. Dayag and J. Stephen Quakenbush (Eds.). Manila: Linguistic Society of the Philippines.
- \_\_\_\_\_. 2006. *Ano ang S, A, at O sa mga Wika ng Pilipinas?* Paper read at the 9<sup>th</sup> Philippine Linguistics Congress, January 2006. University of the Philippines-Diliman, Quezon City.
- Santiago, Mark Felix Albert D. 2006. *Reference-Tracking and Discourse Pattern in Chabacano-Caviteño*. Paper read at the 1st Philippine-Japan Linguistics Congress, October 2006. University of the Philippines-Mindanao.
- Tanangkingsing, Michael. 2006. *What Intonation Units Can Tell Us about Cebuano Grammar*. Paper read at the 9<sup>th</sup> Philippine Linguistics Congress, January 2006. University of the Philippines-Diliman, Quezon City.